# Isipin ang Ngipin

## Magpatingin sa Dentista Mo Habang Buntis Ka



Mahalagang magpatingin sa dentista habang buntis ka. Bakit? Ang oral mong kalusugan ay mahalaga sa kalusugan ng lumalaki mong sanggol.

- Ang pagkabulok ng ngipin ay dulot ng bakterya. Maaaring “mahawa” ang sanggol ng bakterya mula sa iyo.
- Ang pagpapanatiling malusog sa mga ngipin at gilagid mo ngayon ay makakatulong sa pagbibigay ng proteksiyon sa mga ngipin ng sanggol mo sa kalaunan.
- Ganito kung paano mo maiiwasan ang dental na sakit:
  - Araw-araw magsipilyo at mag-floss, gumamit ng fluoride toothpaste.
  - Kumain ng masustansiyang diyeta.
  - Magpatingin sa dentista. Ligtas ang pag-aalaga ng ngipin habang buntis – kabilang dito ang mga x-ray at lokal na anesthesia.

Mag-schedule ng pagpapatingin ngayon. Kung kailangan mo ng tulong na makahanap ng dentista, magtanong sa doktor mo. Siguruhing sabihin sa dentista mo o hygienist na buntis ka.

Maaaring nararapat ka sa libre o murang pangkalusugang pagsasaklaw sa pamamagitan ng Medicaid. Ang ilang mga estado ay may dental na pagsasaklaw para sa mga babaeng buntis.

Para matuto pa, pumunta sa **InsureKidsNow.gov** o tumawag sa **1-877-KIDS-NOW (543-7669)**.

MGA TALA:

InsureKidsNow.gov

Paid for by the U.S. Department of Health & Human Services

CMS Product No. 11774-T
January 2023